# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto1*
# *Maging Malakas at Matapang*

***"1 Nangyari nga pagkamatay ni Moises na lingkod ng Panginoon, na ang Panginoon ay nagsalita kay Josue na anak ni Nun na tagapangasiwa ni Moises, na sinasabi, 2 Si Moises na aking lingkod ay patay na; ngayon nga'y tumindig ka, tumawid ka sa Jordang ito, ikaw, at ang buong bayang ito, hanggang sa lupain na aking ibinibigay sa kanila, sa makatuwid baga'y sa mga anak ni Israel. 3Bawa't dakong tuntungan ng talampakan ng inyong paa, ay naibigay ko na sa inyo, gaya ng sinalita ko kay Moises. 4 Mula sa ilang, at ang Libanong ito, hanggang sa malaking ilog, na ilog Eufrates, buong lupain ng mga Hetheo, at hanggang sa malaking dagat sa dakong nilulubugan ng araw, ay magiging inyong hangganan. 5 Walang makatatayong sinomang tao sa harap mo sa lahat ng mga araw ng iyong buhay: kung paanong ako'y suma kay Moises, ay gayon ako sasa iyo: hindi kita iiwan ni pababayaan kita. 6 Magpakalakas ka at magpakatapang na mabuti: sapagka't iyong ipamamana sa bayang ito ang lupain na aking isinumpa sa kanilang mga magulang na ibibigay sa kanila. 7 Magpakalakas ka lamang at magpakatapang na mabuti, na isagawa mo ang ayon sa buong kautusan na iniutos sa iyo ni Moises na aking lingkod: huwag kang liliko sa kanan o sa kaliwa, upang ikaw ay magtamo ng mabuting kawakasan saan ka man pumaroon. 8 Ang aklat na ito ng kautusan ay huwag mahihiwalay sa iyong bibig, kundi iyong pagbubulayan araw at gabi, upang iyong masunod na gawin ang ayon sa lahat na nakasulat dito: sapagka't kung magkagayo'y iyong pagiginhawahin ang iyong lakad, at kung magkagayo'y magtatamo ka ng mabuting kawakas an. 9 Hindi ba kita inutusan? Ikaw ay magpakalakas at magpakatapang na mabuti; huwag kang matakot, ni manglupaypay: sapagka't ang Panginoon mong Dios ay sumasa iyo saan ka man pumaroon." (Josue 1:1-9 KJV)***

Ang hinirang na mensahe ngayon ay mula sa aklat ng Joshue. Si Moises ang lingkod ng PANGINOON ay pinamunuan ang mga tao mula sa Egipto mula sa pagkaalipin na sila'y naghihirap sa ilalim ng kamay ng Faraon at ibinigay sila mula sa pang-aapi ng mga taga-Egipto. Dinala ni Moises ang 2-3 milyong tao na bayan ng Dios palabas ng Egipto pagtakas mula sa hukbo ni Faraon sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng paggabay at proteksyon ng Dios. Ang Dios ay sumasa kay Moises at ginabayan ang kanyang pamamahala. Ang Dios ay sumasa Kanyang bayan laban sa Faraon ng Egipto. Binuksan Niya ang pulang dagat at inakay sila sa tuyong lupa ngunit nang pumasok ang Hukbo ni Faraon sa dagat, ikinalat Niya ang tubig pabalik sa kanila at wala sa isa kanila ay nakatakas. Ngunit iniligtas ng Dios ang Kanyang bayan at dinala sila palabas sa isang ligtas na lupa. Pinangunahan ni Moises ang bayan ng Dios sa loob ng apat na pung taon sa ilang at dinala niya sila sa hangganan ng lupang pangako. Sa puntong ito ang panglilingkod ni Moises ay nagtapos, siya ay namatay at inilibing ng Dios. Kaya't ang isang tao ang dapat magpatuloy sa gawain upang pangunahan ang mga tao at dalhin sila sa Lupang Pangako. May isang bakante lugar na kailangan mapunan ng isang karapat-dapat na tao. Sa ganitong kadahilanan patuloy na tintawag ng Dios ang mga tao dahil mayroong gawain na kinakailangang gawin at ang gawain na kinakailangang matapos. Ikaw na nagbabasa at nakikinig ng mensahe ay isa sa tinatawag ng Dios. Huwag sabihin, 'Bakit ako', Tinatawag ka ng Dios upang paglingkuran Siya.

Sa apat na pung taong kasama ni Moises si Josue sa ilang at ninais nilang pumasok sa Lupang Pangako, ngunit hindi ipinahintulot ng Dios ito sa apat na pung taon, ngayon ang oras ay dumating na tinawag ng Dios si Josue upang gawin ito. Sa tiyak na panahon kapag inantala ng Dios na tuparin ang Kanyang pangako maaring tayo ay magduda at mawalan ng pag-asa, ngunit huwag tayong manlupaypay o magdalawang isip dahil ang Dios sa malao't madali tutuparin Niya ang lahat ng Kanyang mga pangako sa atin.

Si Joshue na ang anak ni Nunn lingkod ni Moises, ay hinirang para sa gawaing ito. Sa pagiging alalay ni Moises batid niya mula kay Moises kung ano ang pangitain ng Dios at ang Kanyang mga utos at kung anong kinakailangan ng Dios. Si Josue ay isang taong batid ang katotohanan at sumama kay Moises at sumang-ayon sa pananaw na ipinagkatiwala ng Dios kay Moises. Si Josue ay naging ministro ni Moises at siya ay hinirang upang humalili kay Moises dahil siya'y isang taong may pananampalataya. Sa labindalawang lalaki na ipinadala ni Moises upang tiktikan at siyasatin ang lupain, si Josue at Caleb lamang sila ang nagdala ng mabuting ulat at hinikayat nila ang mga tao na ibibigay ng Dios sa kanila ang lupain kung Siya ay nalulugod sa kanila. Ngunit ang ibang mga lalaki ay pinanlupaylupay ang mga tao. Si Josue ay may pananampalataya sa Dios dahil handa siyang sumunod at lumakad sa Kanyang mga daan at nanampalataya na tutuparin ng Dios ang ipinangako Niya sa kanya. Ang mga tao'y nabigong manampalataya sa Dios dahil ang pananampalataya sa Dios ay nangangailangan ng pagsunod at pagpapasakop sa Dios na hindi handang sundin ng mga tao.

Ipinadala ng Dios ang Kanyang Anak ang Panginoong Jesucristo upang iligtas tayo mula sa kasalanan at kamatayan; Siya ay inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga namatay noong ikatlong araw upang ibigay ang buhay na walang hanggan sa atin, na tayo na nanampalataya sa Kanya at sumusunod sa Kanyang mga hakbang sa ating buhay. Tinatawag tayo ng Dios upang manahin ang walang hanggan kasama Niya at upang tawagin ang iba at dalhin sila kasama Niya upang manahin ang walang hanggang buhay kasama natin. Ngunit ang pagtawag ng Dios ay nangangailangan ng tunay, taos pusong pananampalataya at pagsunod upang pamunuan natin ang iba. Sinabi ni Jesus na hindi maaring akayin ng bulag ang bulag. Dapat kang maging isang masunuring tao upang akayin mo ang iba sa landas ng Dios.

Sinabi ng Dios kay Josue, ***"Si Moises na aking lingkod ay patay na; <u>ngayon nga'y tumindig ka</u>, tumawid ka sa Jordang ito, ikaw, at ang buong bayang ito, hanggang sa lupain na aking ibinibigay sa kanila, sa makatuwid baga'y sa mga anak ni Israel." (Josue 1:2 KJV)*** Ang pahayag na nais nating bigyang-ddin dito ay ***"<u>ngayon nga'y tumindig ka</u>."*** Ang pagtawag ng Diyos ay nangangailangan ng pagiging alisto, mapagbantay at masigasig, ***"<u>ngayon nga'y tumindig ka</u>."*** ibig sabihin magkaroon ng pananampalataya sa Dios at sa maniwla sa Kanyang Salita at mga Pangako. ***"<u>ngayon nga'y tumindig ka</u>."*** ibig sabihin sumunod sa Dios at upang sundin ang Kanyang Salita at kautusan, ***"<u>ngayon nga'y tumindig ka</u>."*** ibig sabihin na tumindig para sa pagsisikap at dakilang gawain ng Dios.

Ngayon dito nais nating bigyang-diin na ang pagtawag ng Dios ay hindi isang paglalakbay na madali at maginhawa at ito'y hindi gawain na makakamit nang walang pagpapawis o pag-iyak. Kundi pagsisikap at paghihirap sa maraming pwersa upang mapagtagumpayan. Ngunit tandaan na hindi ka nag-iisa, ang Dios ay sumasa iyo, gaya ng Kanyang ipinangko, ***"Hindi kita iiwan ni pababayaan kita."***

Hiniling ng Dios kay Josue na pamumunuan niya ang mga tao upang tumawid sa Ilog ng Jordan. Ang mga tao ay umabot sa 2-3 milyong populasyon, kasama ng lahat ng kanilang mga pag-aari ay kailangang tumawid sa ilog. Sa panahong iyon ay walang tulay at walang eroplano at ang bayan ng Dios ay walang mga barko upang maglakbay. Bukod pa sa balakid na ito sa kabilang pampang ng ilog ay naroon ang mga tao sa lupain na mapapaloob ang bayan ng Dios kalaunan sa isang pakikipagbaka upang paalisin sila at manahan sa kanilang lupain. Kaya mula sa isang dako ng pamilya, kababaihan, mga anak, matatanda, maraming mga bagay na kailangang dalhin, pati na rin ang kanilang mga hayop, baka at tupa. Sa ibang panig ng katapat ng Ilog ng Jordan ay puno ng tubig at ang mga kaaway ay naghihintay sa unahan ng mga tao. Ang lahat ng mga bagay na ito ay nasa ulo ni Josue nang tinawag siya ng Dios. Maiisip mo lang na maraming mga bagay kasama ng maraming mga detalye sa iyong isip ay kailangang ayusin at sumabay sa pananaw ng Dios at ang gawian na kailangang maisakatuparan sa pamamagitan mo. Ngunit lakasan mo ang iyong loob at manampalataya ka sa Dios na hindi ka nag-iisa ang Dios ay sumasaiyo.

Ang pagtawag ng Dios ay nangangailangan ng lakas ng loob, pananampalataya, pati na rin ng pagpaplano, karunungan at kahandaan upang makipagbaka na magsakripisyo, at manindigan sa pananampalataya hanggang tuparin ng Dios ang Kanyang marangal na layunin sa ating buhay.

Ang pagtawang Dios ay kahintulad sa pagpapala ng Dios. Marami sila'y takot kapag narinig nila ang pagtawag ng Dios; sinisikap nilang magtago mula sa Panginoon at iwasan ang pagtanggap sa pananagutan at gawin ang gawain ng Dios Ngunit isang mahalagang bagay ang kailangang linawin, Ang pagtawag ng Dios sa paglilingkod ay paraan ng Dios upang pagpalain tayo.

Ang pagtawag ng Dios ay paraan ng Dios upang ihanda ka at linisin ka mula sa iyong mga kasalanan at sa lahat ng iyong mga pagkukulang. Kaya huwag matakot, nais ng Dios na pagpalain tayo sa bagong paraan. Ang iyong pangako na tumugon sa pagtawag ng Dios at ang iyong kasipagan na mabuhay bilang totoong alagad ni Jesus at mapa sa landas Niya at sa Kanyang pagtawag ay gagantimpalaan nang husto ng Panginoon.

Ipinangako ng Dios kay Josue ang sumusunod: ***"Mula sa ilang, at ang Libanong ito, hanggang sa malaking ilog, na ilog Eufrates, buong lupain ng mga Hetheo, at hanggang sa malaking dagat sa dakong nilulubugan ng araw, ay magiging inyong hangganan." (Josue 1:4 KJV)*** Sa parehong paraan bilang pagsunod mo sa Dios at patugon sa Kanya ang iyong lupain ng mga pagpapala at ang lugar ng impluwensya ay lalago din; makakamtan mo at maabot ang dakilang mga bagay sa iyong buhay at gagawin ito para sa kaluwalhatian ng Dios.

Ang pagkamatay ni Cristo sa krus para sa ating mga kasalanan ay nagbigay daan para sa atin upang makarating sa Langit at binayaran ang halaga ng ating mga kasalanan. Ang dugo ni Jesus bilang tayo'y nagsisisi ay lilinisn tayo mula sa ating mga kasalanan at bibigyan tayo ng malinis na budhi upang maglingkod sa Dios. Tayo'y pababanalin ng Kanyang dugo, ng Kanyang Salita at ng gawa ng Banal na Espíritu sa ating buhay. Pati na rin tatanggapin natin ang pagpapahid ng Banal na Espiritu na magbibigay kapangyarihan sa atin at magbubukas ng pintuan para sa atin upang ipangaral ang ebanghelyo. At ibibigay Niya sa atin ang pagpapahid na manindigan sa pananampalataya at ipangaral ang Kanyang Salita at ipahayag ang Kanyang kalooban nang may katapangan, gaya ng ipinangako Niya kay Josue***, "Walang makatatayong sinomang tao sa harap mo sa lahat ng mga araw ng iyong buhay: kung paanong ako'y suma kay Moises, ay gayon ako sasa iyo: hindi kita iiwan ni pababayaan kita." (Josue 1:5 KJV)*** Walang sinumang tao o walang kapangyarihan ng kadiliman ay makakatayo laban sa atin habang ipinangako natin ang ating sarili na pumaroon at ipangaral ang Kanyang salita at gawin ang gawain na ipinagkatiwala Niya sa atin, NIlalabanan natin ang lahat ng kapangyarihan ng kadiliman at ang gawa ni Satanas at sinasaway natin ito sa pangalan ni Jesus. Walang makakatayo lavan sa gawain ng Dios na gagawin Niya sa pamamagitan ng ating buhay.

Bilang pagsunod mo sa Dios at magtiwala sa Kanya, gagawa Siya sa iyo ng maraming mga himala at tutulungan ka gaya ng pagtulong Niya kay Moises at Josue. Nais lamang ng Dios ang mga taong handa at masunurin upang ipakita Niya ang Kanyang kaluwalhatian sa kanila, gaya ng ipinangako ng Panginoon, ***"40 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Di baga sinabi ko sa iyo, na, kung ikaw ay sasampalataya, ay makikita mo ang kaluwalhatian ng Dios?" (Juan 11:40 KJV)***

Upang tanggapin ang pananagutan upang gawin ang gawain ng Dios ay isang dakila at sensitibong gawain ngunit hinihikayat tayo ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang Salita at mensahe sa atin***, "ay gayon ako sasa iyo: hindi kita iiwan ni pababayaan kita."*** Kaya ***"Magpakalakas ka at magpakatapang na mabuti,"*** Nais ng Dios sa iyo na maging taong may katatagan; na may katapangan ipamuhay ang iyong buhay sa Dios at ipahayag ang Kanyang kalooban at ang Kanyang mensahe sa mga taong nakapalibot sa iyo***: "sapagka't iyong ipamamana sa bayang ito ang lupain na aking isinumpa sa kanilang mga magulang na ibibigay sa kanila." (Josue 1:6 KJV)*** Si Joshue ay tinawag ng Dios upang pamunuan ang mga tao papuntang Lupang Pangako at upang paghatiin ang lupain sa kanila. Tinatawag ka ng Dios pati na rin upang pamunuan ang iba at dalhin sila sa Kaharain ng Dios. Kaya kung nakikita ka nilang nayayanig at natatakot paano nila susundin ang tawag ng Dios. Ang mga mata ng mga tao ay nasa sa iyo. Kaya kailangan mong magpalakas at magpakatapang upang maging isang halimbawa at huwaran sa kanila upang sundin si Cristo.

Bibigyan ka ng Panginoon ng sapat na lakas at ang lahat ng kailangan mo sa iyong paglalakbay para maglingkod sa Dios. Babantayan ka Niya at poprotektahan ka habang patuloy mong ginagawa ang Kanyang kalooban at isinasagawa ang Kanyang plano.

Sinabi ng Dios kay Josue, ***“Ay gayon ako sasa iyo: hindi kita iiwan ni pababayaan kita.” “Magpakalakas ka at magpakatapang na mabuti,”*** dahil si Josue ay natatakot at nais hikayatin siya ng Panginoon at udyukan siya na yumaon at sakupin ang Lupang Pangako. Sa parehong paraan, batid ng Dios iyong pinagdaraanan, at nais ng Panginoon sa pamamagitan ng mensaheng ito na hikayatin ka at udyukan kang bumangon, sumulong at lupigin ang mga pangako ng Dios.

***“7 Magpakalakas ka lamang at magpakatapang na mabuti, na isagawa mo ang ayon sa buong kautusan na iniutos sa iyo ni Moises na aking lingkod: huwag kang liliko sa kanan o sa kaliwa, upang ikaw ay magtamo ng mabuting kawakasan saan ka man pumaroon.” (Josue 1:7 KJV)*** Minsan bilang ng pagtawag sa iyo ng Dios ay maaaring matukso kang lumiko sa kanan o sa kaliwa lalo na kung ginigipit ka ng mga tao at nais kang makipagkompromiso. O sa tiyak na panahon ang kamunduhan na nasa loob mo ang sa iyong ang nagiging sanhi na matukso na kumilos sa hindi direksyon na ipinapadala sa iyo ng Dios. Kaya’t nais ng Dios na magpalakas at magpakatapang ka na tumanggi sa kasalanan na hindi o sa pagsuway upang matiyak mo ang pagdaloy ng mga pagpapala ng Dios sa iyong buhay at sa lahat ng ilalagay sa iyong kamay.

Upang makatiyak na ikaw ay lumalakad sa landas ng Panginoon at alinsunod sa Kanyang plano at kalooban, uutusan ka ng Panginoon na gawin ang sumusunod, ***“8 Ang aklat na ito ng kautusan ay huwag mahihiwalay sa iyong bibig, kundi iyong pagbubulayan araw at gabi, upang iyong masunod na gawin ang ayon sa lahat na nakasulat dito: sapagka't kung magkagayo'y iyong pagiginhawahin ang iyong lakad, at kung magkagayo'y magtatamo ka ng mabuting kawakasan.” (Josue 1:8 KJV)*** Tatlong mahahalagang bagay ang kailangan mong sundin at huwag isuko: 1- Magbasa ng Salita ng Dios na nasa bibliya. Magbasa ng Bibliya araw-araw. 2- Pagbulay-bulayan kung aong sinasabi ng Salita ng Dios araw at gabi. 3- Maging maingat na gawin ang lahat ng bagay na nakasulat sa Salita ng Dios. Sa gayon ikaw ay kusang itataguyod na sa susunod na dalawang mga hakbang 4- Masagana 5- At mabuting kawakasan.

***“9 Hindi ba kita inutusan? Ikaw ay magpakalakas at magpakatapang na mabuti; huwag kang matakot, ni manglupaypay: sapagka't ang Panginoon mong Dios ay sumasa iyo saan ka man pumaroon.” (Josue 1:9 KJV)*** Nais ng Dios sa iyo na maging malinaw ang pagiisip at manindigan sa pananampalataya at pagsunod sa Kanyang Salita at mga utos, at huwag mayanig sa mga pagsubok, atkahirapan at paghihirap gaya ng pagtanggap mo sa pagtawag ng Dios sa iyong buhay. Huwag maging katulad ni Pedro nang nakita niya ng hangin ay nagsimulang lumubo, ngunit maging katulad ni Josue ng may matatag na puso na magpatuloy at sumunod sa Panginoon.

***Sa aking Mahal at Minamahal: “3 Bawa't dakong tuntungan ng talampakan ng inyong paa, ay naibigay ko na sa inyo, gaya ng sinalita ko kay Moises.” (Josue 1:3 KJV)*** Ang pagtawag ng Dios ay nangangailangan ng pisikal na pag-angkin sa lupain. Nangangailangan ito ng pagkilos sa pisikal, masipag na pagtatrabaho, pag-angkin sa mga pangako ng Dios, at pagkamit ng mga mithiin na itinakda ng pananaw ng Dios sa ating harapan upang makamit. Kailangan nating maniwala sa pangako ng Dios na anuman ang ating hawakan ay uunlad. Ngayon ay mas marami na tayong pasilidad para makarating sa malalayong lugar sa pamamagitan ng ginawa ng Dios na magagamit natin sa pamamagitan ng media.

Kailangan mong maging handa. Kaya’t gumising, tumindig maging mahinahon, magipakatapang, maging matatag, maging handa na gawin ang mga hakbang ng pananampalataya at handang sumunod at gawin ang pananagutan at ang gawain upang akayin ang iba sa buhay na walang hanggan. Tayo ay manalangin….

***Ang aking Panalangin:*** Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Panginoon ako’y nagpapasalamat para sa panghihikayat na Salita na pinadala mo as akin. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili sa pagtawag mo as akin upang tumindig at pangunahan ang iba at ang mga nakapaligid sa akin patungo kay Jesus, ang daan at ang katotohana at ang buhay, at manampalataya sa Kanya at tanggapin ang walang hanggang buhay.

Panginoon ako’y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan_______________. Panginoon tinatalikuran ko ang lahat ng mga ito.

Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na ihihiwalay ko an aking sarili mula sa kamunduhan at sa buhay ng kasalanan na hahadlang sa akin as pagsunod as iyo.

Panginon ipinangako ko ang aking sarili sa misyon at gawain na ipinagkatiwala mo sa akin. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na sumulong at maisakatuparan ang ministering kailangan hanggang ito ay matupad.

Panginoon dalangin ko na tutulungan mo akong batahin ang lahat ng pangigipit ng buhay at pag-uusig. Panginoo tulungan akong batahin ang lahat ng pag-atake ng kaaway at ang gawa na sinisikap na gawin ng diablo laban sa akin gaya ng pagpasyang kong maglingkod sa iyo at gawin ang hinihiling mong gawin ko. Panginoon ako’y nagtitiwala sa iyo na ikaw ay makikipagbaka sa lahat ng aking mga kaaway at walang sinuman ang makakatayo laban sa itinalaga mong mangyari. Panginoon bigyan moa ko ng mabuting kalusugan, kalakasan at ibigay ang lahat ng aking kailangan upang ako’y magpatuloy na maglingkod sa iyo.

Panginoon dalangin ko sa aking mga kapatid na Lalakit Babae na ipinagako ang kanilang sarili sa tuntunin ng iyong mensaheng ito at ginawang ang kanilang sarili na handa para sa iyong pagtawag sa kanilang buhay. Panginoon pagpalain sila, at itaguyod sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan upang sila’y makapaglingkod sa iyo. Panginoon dagdag ang kanilang pananampalataya at ang kanilang pagtitiwala sa iyo at tulungan silang magptuloy at pagtagumpayan ang mga balakis na nauna sa kanila. Panginoon makipagbaka sa kanilang ngalan at huwag pahintulutan ang kaaway na hadlangan sila sa pagsulong.

Panginoon dalangin ko na manguna ka sa amin bilang isang simbahan at pangunahan kami sa mga kalye, gusali, bayan, nayon upang abutin ang bagong mga tao at dalhin si Jesus sa kanilang buhay. Panginoon tulungan kami na ang aming buhay patotoo ay maging kaakit-akit sa iba upang makilala ka at sumunod sa iyo. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu upang makapagpatuloy kami at mag-evangelio at gumawa ng bagong mga alagad at buuin ang gawain na itinalagan mong gawin naming. Panginoon protektahan kami mula sa masama at ibigay ang lahat ng aming pangangailangan upang patuloy na maglingkod sa iyo. Panginoon tulungan kaming magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan, Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1gmail.com